

1

“Ang daming tao. Seryoso ka ba talaga?” tanong sa kanya ni Wesley.

“Eto, masyadong KJ. Madami talagang tao dito dahil marine theme park ito.” Itinulak ito ni Rain. “Sige na, kunin mo na ang mga tickets natin.”

Ang tunay na pangalan ni Rain ay Sabrina. Si Wesley ang best friend niyang lalaki. Thirty years old na ito at matanda sa kanya nang anim na taon. Ang nakababatang kapatid nitong si Wendy ang kaedad niya at ang babaeng best friend niya. Kinakapatid din niya ito, panganay na anak ng ninong niya na matalik na kaibigan ng daddy niya, habang ang nanay naman ni Wes ay best friend ng mommy niya.

Si Wesley ang katulong ng Lola Angela niya sa pagpapalaki sa kanila ni Sienna, ang nakatatanda niyang kapatid. Malapit ang mga pamilya nila dahil matalik na magkakaibigan ang mga parents nila at sa iisang subdivision ang tinitirhan nila. Both families celebrate everything together—parties, birthdays, graduation, Christmas, New Year at kung anu-anong okasyon.

Natatawang pumunta si Wesley sa ticket counter at pumila roon. “Sa dami ba naman kasi ng birthday request mo, bakit dito pa ang napili mo?”

“Aba! Kasalanan mong pinapili mo ako,” tumatawang wika ni Rain. Kababalik lang ng binata mula sa Amerika para sa twenty-fourth birthday niya. Nag-masteral studies ito roon at nagtrabaho sa loob ng apat na taon at ngayon lang ito muling umuwi.

Tumawa rin ang kaibigan niya. “Natuto na ako. Next year, hindi na kita papipiliin.”

“Ano ba’ng masama dito sa *Ocean Park*?”

“Pambata. Hindi ka na bata.” Tumawa ang lalaki. “Isip-bata lang.”

Sinuntok niya ito sa sikmura. “Yabang mo!”

“Masakit!” Hinawakan nito ang kanyang kamay at hinimas ng isa pa ang tiyang sinuntok niya. “Hindi porque’t birthday mo, p’wede ka nang manakit.”

“Ang dami mo kasing reklamo, eh.” Napatingin siya sa unahan, umalis na ang sinusundan nila sa pila. “Ikaw na.”

Sumunod si Wesley at kinuha na nito ang mga tickets nila para sa lahat ng attraction sa *Manila Ocean Park*. Hindi naman ito nagtagal.

“So, where to?” tanong nito pagkatapos.

Tiningnan niya ang listahan ng mga shows na may oras. “Sa *Oceanarium* na lang muna tayo,”

“Okay, lead the way.”

“Ang ganda talaga nila!” humahangang bulalas ni Rain. Naroon sila sa *Buhay na Karagatan* o *Living Ocean*, isa sa pitong sections ng *Oceanarium*. Isa iyong 25-meter long walkway tunnel na may 220-degree curved acrylic walls. Buhay na buhay at makulay ang iba’t ibang isda mula roon.

Nanggaling na rin sila sa ilang section ng *Oceanarium* tulad ng *Agos* o *Flow*, parang rainforest ang ayos niyon at may walong tangke ng freshwater fishes; ang *Bahura* o *the Reef*, may mga artificial na koral sa forty-eight na tangke; ang *Laot* o *Fishing Ground*, may malalaking isda at mga Eagle-spotted rays sa mahahabang tangke.

Ang sumunod nga ay ang *Buhay na Karagatan* na binalikan lang nila dahil iyon ang higit niyang nagustuhan. Bago sila bumalik doon ay galing na sila sa dulo ng *Oceanarium* kung saan naroroon ang *Kalaliman* o *the Deep*, na nagpapakita ng iba’t ibang marine animals na matatagpuan sa pinakamalalalim

na parte ng karagatan ng Pilipinas.

Ang *Pagi* o *Stingray*, iba't ibang klase ng pagi ang makikita kapag tumingala dahil ang mga tangke ay nasa kisame; at ang panghuli ay ang *Pating* o *Shark*, na maraming pating siyempre.

“Ang magnificent talaga ng mundo ng karagatan!” bulalas niya. Napatingin siya kay Wesley na pinapanood lang siya.

“Para ka talagang bata,” natatawang turan nito.

Binelatan niya ito at nagsimula muling kumuha ng mga pictures. Paglingon niya sa binata ay kinukunan rin pala siya nito ng litrato. “Bakit ako ang pini-picture-an mo? Iyong mga isda dapat.”

Tumawa lang ito at nilapitan siya. “Para may souvenir ang pagiging amoy-isda mo.”

Siniko niya ito. “Yabang mo!”

Humalakhak lang ang lalaki at ipinagpatuloy na ang pagkukuha ng pictures sa kanya.

“Ayos din itong mga ibon na ito, ah,” wika ni Wesley.

Tumawa si Rain. “Oo nga, eh. Tingnan mo siya,

nagbibilang pa. Kulit naman ng bird show na ito.” Napapalakpak siya nang tumama ang ibon sa 9x5 na tanong dito.

“How about a round of applause to our little bird here?” anang host ng *All-Star Bird Show* na iyon. Doon sila sumunod na pumunta pagkagaling sa *Oceanarium*. Iba’t ibang tricks ang ipinakita ng mga ibon at tunay namang nakakabilib. Lumipad-lipad din ang mga ibon na sina Dazzle, Sassy at Bandit sa paligid, iyon ay kung tama ang pagkakatanda niya sa mga pangalan ng mga iyon.

“Okay, we will have our next friend here. But before that, we need a volunteer from the audience!” malakas na sigaw ng host.

“Here!” Itinaas ni Wesley ang braso niya.

“Ano ka ba! Pasaway ka rin, eh. Ikaw kaya ang mag-volunteer doon!” Ibinababa ni Rain ang braso pero itinataas iyon uli ng katabi niya.

“I believe we have a volunteer.” Nakatingin sa kanya ang host. “The beautiful girl in pink shirt, please come on down.”

“Bad trip ka!” bulong niya kay Wesley na tawa lang nang tawa. Halos lahat ng tao’y nakatingin sa kanya.

“Sige na, halika’t ihahatid na kita doon.” Hinawakan siya nito sa kamay, kaya wala na siyang nagawa kundi ang mapasunod na lang. Inihatid siya nito sa stage.

Bago siya iwan ng kaibigan malapit sa gate ay bumulong ito sa host. Ang dalaga naman ay kinakabahang pumasok sa maliit na gate patungo sa gitna ng stage.

“Hello!” bati ng host sa kanya. “Can I have your name?”

“Hi. It’s Rain,” sagot niya.

“Well, nice to meet you, Rain. Are you enjoying the show?”

Tumango siya. “Yes, I am.”

“Good! According to your boyfriend, it’s your birthday today. Happy birthday!” Bumaling ito sa crowd. “Let’s all sing a happy birthday for our beautiful volunteer, Rain!” Nagsimula itong kumanta na sinabayan ng lahat.

Hindi niya alam kung mahihiya siya o matatawa. A lot of strangers were singing the birthday song to her. Ngayon lang iyon nangyari sa kanya. Center of attraction pa siya. Napalingon siya kay Wesley na

kinindatan lang siya, kahit ito ay nakikikanta rin.

Her boyfriend. Hindi iyon totoo, assuming lang ang host.

“Thank you,” wika niya nang matapos ang kantahan.

“You’re very much welcome, Miss Rain.” Nagpatangu-tango pa ito. Nagulat siya nang may isang crew ang lumapit dito at bumulong. Napakunot-noo ang host. Napatingin ito sa gilid ng stage kung saan nanggagaling ang mga ibon. Sumenyas ito at napailing ang isang crew na nakatayo roon.

Bumaling ang host sa crowd. “We’re sorry. We’re having problem here. Shasha, one of our friends here is missing. Has anybody seen her?”

Nagkaingay ang crowd at tumingin-tingin sa paligid na wari’y hinahanap ang isa pang ibon na nawawala. Sa bandang gitna ng elevated benches ay biglang nagkagulo ang mga tao. Sumenyas ang isang crew sa host.

“There, we found Shasha. Please bring her down,” wika ng host.

Halos panawan ng ulirat si Rain nang iangat ng crew ang sinasabi nitong Shasha. Isang malaking-

malaking ahas! Napalington siya kay Wesley. Lagot ito sa kanya mamaya. But he encouragedly smiled at her. Kahit papaano ay napayapa naman siya sa ngiti nito. Lalo siyang nanginig noong magkaharap na sila ni Shasha.

“Here, Miss Rain. Can Shasha stay with you?”

Tumango siya kahit napipilitan. *Kaya ko ito, aniya sa isip. Lagot ka sa 'kin mamaya, Wesley!*

“Good!” wika ng host. Ang crew naman na may dala sa ahas ay isinabit iyon sa leeg niya.

Halos hindi na siya humihinga. Hindi na rin niya naririnig ang ingay sa paligid. Pakiramdam niya ay napakatagal ding lumipas ng oras. Nag-panic siya noong makita niyang umalis na ang crew at hindi na rin siya pinapansin ng host.

Pero mukhang parte ng show na kunwari ay makaligtaan siyang balikan. Ilang minuto lang ang lumipas ay kinuha na sa kanya ang albino snake. Nagpasalamat sa kanya ang host at pinalakpakan siya ng mga tao. Inalalayan si Rain ng isang crew palabas ng maliit na gate.

Sinalubong naman siya ni Wesley. Niyakap siya nito at hinalikan sa ulo. “I’m proud of you, birthday girl.”

Hindi na lagot sa kanya ang kaibigan, hinalikan naman siya nito sa ulo at niyakap. May touching words pa. Puwede nang pambayad ang kilig.

“Grabe, ang galing-galing nila!” Humahanga niyang tinitingnan ang mga sea lions na sina Vincent at Isabel. Amazed na amazed siya sa antics at tricks ng mga ito kaninang manood sila ng *Sea Lion Show* matapos ang *All-Star Bird Show*. They’re cute, playful, so funny and intelligent. Tuwang-tuwa siya sa mga ito. Pagkatapos ng show ay dumerecho sila sa *Marine Life Habitat* at nagpa-picture sa loob ng kulungan ng mga ito at nag-kiss pa sila ni Vincent sa picture. “Pero nakakaawa din sila.”

“Bakit naman?” tanong ni Wesley na nakasandal sa bakal at nakatalikod sa mga sea lions.

Tiningala niya ito dahil nakaupo siya sa isang bench. “Eh, kasi tingnan mo naman ang lugar nila. Eto lamang ang space nila. Palangoy-langoy lang sila. Hindi naman ito ang natural habitat nila.”

Hinawakan siya nito sa ulo at hinaplos ang kanyang buhok. “Masyado ka talagang maawain.”

Ngumiti siya nang tipid. “Look at them. Nakakaaliw nga silang tingnan, pero pakiramdam

ko malungkot sila.”

“Bakit naman?”

Hindi kaagad nakasagot si Rain, paano ay nadi-distract siya sa ginagawa nito. Humawak kasi ang lalaki sa ilang hibla ng buhok niya at pinapaikut-ikot iyon sa mga daliri nito bago tutuwirin at papaikutin na naman. Parang hindi rin ito aware sa ginagawa.

“Bakit feeling mo malungkot sila?” ulit nito sa tanong kanina.

Pinilit niyang bale-walain ang kuryenteng tumutulay sa katawan niya dahil sa paglalaro ng lalaki sa kanyang buhok. “Kasi confined sila sa lugar na ito. Hindi sila malaya.”

Tumigil ito sa ginagawa at tinitigan siya. “That might be true. Pero nandito sila dahil may rason. Dinala sila dito para magpasaya. Isipin mo na lang ang maraming taong napapasaya nila.”

Nginitian niya nang malawak ang kausap. “You always say the right thing.”

Tumawa rin ang binata. “Siyempre, magaling yata ’to!”

Nailing siyang tumayo at kumapit sa braso nito. “Oo na, sinabi mo, eh. Libot na nga tayo uli.”

Inakbayan siya nito at naglakad na sila palabas ng lugar na iyon.

“Ma’am, Sir, picture po muna bago kayo pumasok sa loob,” wika ng photographer sa *Dancing Jellies*, ang sunod nilang pinuntahan pagkatapos sa *Marine Life Habitat*.

“Sure!” Hinila niya si Wesley. “Picture daw!” Malawak siyang ngumiti sa camera.

“Lapit po kayo sa isa’t isa,” wika ng photographer.

Hinapit siya ng binata sa baywang kaya napatingala si Rain dito. Nginitian lang siya nito kaya napangiti na lang din siya. Bumaling muli siya sa photographer at malawak na nginitian ito. “Kuya, gandahan mo ang kuha, ha! I-*Photoshop* mo kapag panget.”

Tumawa ang photographer at kinuhanan na sila ng larawan. “Ma’am, hindi ka na kailangang i-*Photoshop*, maganda ka na.”

Malakas siyang tumawa. “Uy, gusto ko iyan!”

“Rain!” saway ni Wesley.

Nilingon niya ito. Kunot na kunot ang noo ng

kasama. “What?”

Napakamot sa ulo ang photographer. “Pasensya na, Sir. Maganda naman talaga ang girlfriend n’yo.”

“Hin—” Hindi na niya natapos ang sasabihin dahil hinila na siya ng kaibigan papasok sa loob. “Ano ba’ng problema mo?” tanong niya rito.

Inis siyang binitawan nito. “Nakikipaglandian ka pa doon!” Nakasimangot pa rin ito.

Tinaasan niya ito ng kilay. “Eh, ano ang pakialam mo?”

Tinitigan siya ng binata na wari ba’y may sasabihin pero nagdadalawang-isip.

“Ano?” udyok niya.

Umiling ito. “Wala,” simpleng sagot nito at tumalikod. Lumapit ito sa isang tangke ng mga iba’t ibang kulay ng jellies.

Naguguluhan si Rain sa lalaki at hindi niya ito maintindihan. Napailing na lang siya at inilibot niya ang paningin sa paligid. Doon lang niya napagtantong napakaganda ng lugar na iyon. Napalakad siya at nagtingin-tingin sa paligid. Madilim doon at ang tanging ilaw ay nagmumula sa mga kinalalagyan ng mga jellies. May tangkeng maliliit, mayroon ding

halos sakupin ang buong dingding. May mga floor-to-ceiling ding cylinders.

Nag-iiba-iba ang kulay ng mga lalagyang iyon. May pula, asul, dilaw, at iba pa. And it was so beautiful. Nalimutan niya ang pagtataka kay Wesley at nabaling sa mga sumasayaw na jellies ang atensyon niya. “Ang ganda!”

“Oo, maganda nga,” bulong ni Wesley.

Wala sa loob na napaharap siya rito. Dalawang hakbang ang layo nito at titig na titig ito sa kanya. Inatake siya ng kaba. Hindi niya maintindihan ang intensidad ng titig nito. Lalong nagrigodon ang puso niya nang lumapit pa ang kaibigan. Tumigil ang lalaki sa tapat niya at gadangkal na lang ang layo nito. Napatingala siya at halos hindi na humihinga. Umangat ang isang kamay nito. Pakiramdam niya ay tumigil ang pag-inog ng mundo.

Bahagya itong yumuko. He even extended his hand toward her. Akala niya ay hahawakan siya nito, pero lumagpas iyon sa kanya at hinawakan ang salamin ng tangke. Bahagya rin itong gumalaw para mapunta sa gilid niya. Niyuko nito ang mga jellies at tinitigan iyon.

“Ang ganda-ganda nga nila.”

Napapikit ang dalaga. She was disappointed. She was ashamed. Natulala pa man din siya sa kaibigan. Gusto niya itong suntukin sa inis.

“Look, pink jelly!” wika nito. “Paborito mong kulay.”

Tumango lang si Rain at hindi na sumagot.

2

“Grabeng lamig!” nanginginig niyang wika. Pagkatapos nilang manggaling sa *Dancing Jellies* ay pumunta sila sa *Trails to Antarctica*. Sa labas ay mayroong closed area at may ilang totoong penguins doon. Hindi usually makakapasok kaya sa salamin na lang makukuhanan ng larawan ang mga penguins. Ang kinaroroonan nila ngayon ay parang simulation ng buhay sa Antarctica at kung gaano kalamig doon. Bago pumasok ay binigyan sila ng malaki at makapal na coat upang panangga sa lamig. Puno ng makapal na yelo ang paligid at madulas ang sahig.

Kinuha ni Wesley ang kamay niya at hinimashimas iyon. “Here, a little warmth.”

Ngumiti siya nang malawak. “Wow! Ang sweet mo naman.”

Humalakhak ito at hinila ang hood ng coat patakip sa mukha ni Rain. “Sweet naman talaga ako.”

“Heh!” Itinaas niya ang hood at pinalis ang kamay nito roon. “Kapag tulog ka lang yata.”

He entwined their fingers. Titig na titig din ito sa kanya, wala na ang playfulness sa mukha nito.

“Hindi ba talaga ako sweet sa ’yo?”

Bigla ay hindi na siya komportable. Dumadagundong na naman ang tibok ng puso niya. Hindi kumukurap ang pagkakatitig nito sa kanya.

“H-hindi ka na mabiro. Oo naman, sweet ka talaga.”

Umarko ang isang kilay nito. “Naa-appreciate mo?”

Tumango siya. Gusto niyang sabihing lahat ng ginagawa ni Wesley, maliit man o malaki ay pinapahalagahan niya. At ipinagpapasalamat ni Rain ang lahat. Umiwas siya ng tingin at hinila ang kamay. Nabigla ang kaibigan at nabitawan siya nito. Mabilis siyang pumihit, pero nakalimutan niyang madulas nga pala ang sahig. She was falling.

Nagkakawag ang dalaga at napapikit. Pero bago pa siya lumaglag sa sahig ay may brasong pumulupot sa baywang niya at humila sa kanya palapit. Mabilis siyang nagmulat ng mga mata. Nakayuko si Wesley sa kanya, ang isang kamay nito ay nakahawak sa braso niya. They’re inches apart. Halos maduling siya sa pagkakalapit ng mga mukha nila. Bigla ay parang may sunog sa paligid. Wala na ang lamig. It was just hot.

“You’re being clumsy,” bulong ng kaibigan.

Hindi siya makasagot at nakatitig lang sa mga labi nito. Sa gilid ng mata niya ay napatigil ang mga tao sa paligid at pinapanood sila. Pero wala siyang pakialam. Gusto niyang manatili sa mga bisig ni Wesley.

“Bibitawan kita. Hindi ka na ba madudulas?”

Gusto niyang sumimangot. Hindi niya gustong bitawan nito.

“Rain? Okay ka lang?” May pag-aalala na ang pagtitig nito.

“Fine!” *Hindi ko nga gustong bitawan mo ako, eh!* Sa inis ay itinulak niya ito, binitawan siya ng lalaki at dahan-dahan siyang umatras. Mahirap nang madulas muli, baka matuluyan nang bumagsak siya sa sahig.

Napakunot-noo ito. “Bakit ka nagagalit?”

Huminga siya nang malalim at ngumiti. “Hindi ako galit. Sorry.”

“Sigurado ka?” Hindi ito naniniwala.

Tumango siya. “Medyo napahiya lang sa pagiging clumsy, maraming nakakita. Labas na tayo dito,” palusot na lang niya.

Nagkibit-balikat si Wesley. “Sabagay, marami ngang napatingin.”

Alanganin siyang ngumiti. “See? S’abi ko naman sa ’yo. Halika na, bilis!” yaya niya rito.

“Sige.” Inalalayan na siya nito palabas ng lugar na iyon.

“Ay, 2D?” nadidismayang wika ni Rain pagpasok sa *Penguin Talk Show*, ang sunod nilang pinuntahan pagkatapos ng *Trails to Antarctica*. “Akala ko totoong penguin.”

Tumawa si Wesley at hinila siya paupo sa mahabang bench. Sa harap nila ay isang malaking projector screen. “Wala namang penguin na nagsasalita.”

Ngumiti siya nang nakakaloko. “Meron. Si Mr. Penguin, iyong kalaban ni Batman.”

Sarkastikong tumawa ito. “Nakakatawa. Last mo na iyan, ha!” nang-aasar na sabi ng kaibigan.

Tumawa lang siya at inilibot ang paningin sa lugar. Para silang nasa sinehan pero maliit lang ang lugar, one hundred persons lang ang capacity ayon sa kumukuha ng ticket sa labas. Halo ang matanda

at bata sa loob. Napabaling siya sa screen noong may lumabas na penguin doon. Nagpakilala ito at nagsimulang magkuwento tungkol sa buhay ng isang penguin, educational kumbaga. Pero biglang magsisingit ito ng mga jokes na benta kaya mapupuno ng tawanan ang silid.

“May abs kami,” nagmamalaking wika ni Mr. Penguin mayamaya. “Alam n’yo ba ang ibig sabihin ng abs?”

“Ano?” sabay-sabay na tanong ng mga tao.

Nag-zoom ang camera sa tiyan ng penguin. “A big stomach!”

Tawanan ang audience, pero mayamaya ay sumeryoso na uli ang makulit na penguin. “Alam n’yo bang sampung taon pa lang ay nanliligaw na kami? Maikli lang kasi ang life span namin, mga twenty years. Kaya kapag kalahati na ang buhay namin, naghahanap na kami ng partner.”

Tumaas ang kilay ni Rain. “Maaga palang lumalandi ang mga penguin.”

Tumawa si Wesley. “Kung ikaw ang lumalandi ng ganyang edad, grounded ka.”

Siniko niya ito at nilingon. “Tse! Eighteen na ako

noong matutong lumandi.”

Napakunot-noo ang katabi. “Yung duwag na si Dave?”

“Hah! Tinakot mo ba namang ipapabugbog, eh. Sinindak mo ang kauna-unahang lalaking pinaakyat ko ng ligaw sa bahay. Kinabukasan ay parang may sakit akong iniwasan ni Dave.”

Tumaas ang isang sulok ng mga labi ni Wesley. “May gatas ka pa sa labi. Bawal pang magpaligaw.”

Inirapan niya ito. “Eighteen na ako noong magpaligaw. Legal na edad na iyon.”

Ipinagkrus ni Wesley ang mga braso sa dibdib nito. “Not for me.”

Sinimangutan niya ito. “Alam ko namang gusto mo akong tumandang dalaga. Hoy, Wesley Carreon, hindi mangyayari iyon! Magkakaasawa ako! Itaga mo sa bato!”

Tumawa ito at hindi pinansin ang sinabi niya. “Shh... Makinig ka na nga lang, ang ingay mo.”

“Sus! Nagsalita ang hindi maingay,” bulong niya pero ibinaling na niya ang pansin sa madaldal na penguin.

“One-woman penguin kami,” banat ng penguin. “Kasi kapag nakita na namin ang mahal namin, siya na lang habang-buhay ang mamahalin namin. Kahit mamatay ang isa, hindi na mag-aasawa ang naiwan.”

“Wow! Buti pa ang mga penguin, faithful!” wika niya. “Ang iba sa tabi-tabi, hindi.”

Dinunggol siya ni Wesley sa balikat. “Sinong iba ang sinasabi mo diyan? Hindi naman siguro ako iyon.”

“Guilty ka rin, ’no!” tukso niya. “Pinagsasabay-sabay mo nga naman mga girlfriend mo noon. Umiiyak pa iyong iba sa akin.”

Nagkibit-balikat ito. “Matagal na iyon, noong nag-aaral pa ako, ibinabalik mo pa iyan? One-woman man din ako tulad nitong penguin sa harapan natin. Hindi lang halata,” bulong nito.

Tumikwas ang mga kilay ni Rain at super mega diamond star for all season attentive ang mga radar niya. “One-woman man kanino?” Kinabahan din siya. Sino ang nagugustuhan nito? Nakatitig siya sa katabi, pero parang wala itong balak na sagutin siya. “Kanino?”

Nakatitig lang din ito sa kanya at blangko ang ekspresyon ng mukha. Wala siyang ideya sa anumang

iniisip nito. But he was staring at her like he was trying to look into her soul.

“Forget it!” pagsasantabi nito sa kanya pagkatapos nang ilang sandali.

“Pero...” angal ng dalaga. Pakiramdam niya ay nabitin na naman siya at naiwan sa kawalan.

“Makinig ka na lang uli, Rain.” Parang bata siyang inutusan nito.

Humalukipki siya at ibinalik kay Mr. Penguin ang atensyon niya. Pero kahit ganoon ay hindi mawaglit sa isip niya ang sinabi nito. Parang gusto niyang maiyak na may ibang babaeng nagmamay-ari ng puso ng kaibigan. Pero wala naman siyang karapatan at hindi tamang maging ganoon pa ang damdamin niya.

“Alam n’yo ba ang katangian ng mga lalaking tapat at minsan lang magmamahal?”

“Ano nga ba?” Sumabay siya ng pagsagot sa mga tao at isinantabi niya ang nararamdamang sakit sa kaalamang hindi siya ang mahal ni Wesley.

“Ang katangian ng mga lalaking tapat magmahal ay,” pasimula ni Mr. Penguin, “Panot!” Nag-zoom ang camera sa ulo nito. “May abs!” Sa malaking tiyan

naman nito tumutok ang camera. “At higit sa lahat,” nag-focus sa kili-kili nito ang camera, “maitim ang kili-kili! Kaya mga girls, alam n’yo na ang hahanapin ninyong ideal man.”

Tawa nang tawa si Rain. “Grabe lang!”

“Grabe, ang sakit ng tiyan ko sa kakatawa!” Nakahawak pa rin siya sa tiyan paglabas nila ng *Penguin Talk Show*. “Disappointed ako noong una pero bawing-bawi naman pala.”

Tumatawa rin si Wesley. “Parang addict lang iyong penguin na iyon, ah.”

“Oo nga, eh!”

Napailing ito na tumatawa pa ring katulad niya.

Tumigil si Rain sa pagtawa. “Come to think of it, mukhang totoo iyong description ng penguin na ideal man.”

Ginulo ng binata ang buhok niya. “Nagpapaniwala ka naman doon.”

Inirapan niya ito. “Kesa naman sa ’yo.”

“Bakit ako na naman?” natatawa nitong tanong.

“Tingnan mo ang logic.” Tumiyad siyang pinaglandas ang kamay niya sa makapal, makintab at madulas nitong buhok. “Hindi ka panot.” Bumaba ang isang kamay niya sa tiyan nito. Ipinatong niya roon ang palad niya. Parang gusto niyang mapaso sa init na nagmumula roon sa kabila ng t-shirt na suot ng lalaki. Totoong abs iyon, six-pack, walang halong biro. “Wala kang *a big stomach*. At higit sa lahat...” Bumaling siya sa braso nito. “Wala kang maitim na kili-kili.”

Alanganing tumawa si Wesley. “Paano mo naman nalaman?”

Tiningala ito ni Rain. Gusto niyang mapaso sa paraan ng pagkakatitig nito. Ganoon na naman. He was looking at her as if he’s trying to look inside her soul. He’s smiling but his face looked strained.

“Ang alin?”

“Na hindi maitim ang kili-kili ko?”

“Nakita ko kaya kapag umaakyat ka sa treehouse!”

Malakas na humalakhak ito. “Sinisilipan mo ako?”

Hinampas niya sa dibdib si Wesley. “OA ka! Kili-kili mo lang nakita ko!” Pakiramdam niya ay pulang-

pula ang kanyang mukha sa ibinibintang nito.

Hinawakan nito ang kamay niyang sumuntok dito. “Eto naman, hindi na mabiro. Balik tayo sa suggestion ng penguin mo.”

Inirapan niya ito pero may ngiti sa mga labi. “Iyon na nga. Wala sa ’yo ang lahat ng katangiang sinabi niya. So, you’re a big no-no!”

Tumaas ang isang sulok ng mga labi nito. “Ang lagay, magpapaniwala ka sa penguin?”

Hinila ng dalaga ang kamay at nagsimulang humakbang patalikod saka ngumiti. “Ano sa tingin mo?”

Nilapitan siya ni Wesley, hinuli uli nito ang kamay niya. He entwined their hands and tugged at her. She shivered at his touch. Napatingin siya sa mga kamay nila, sana ay tumigil na lang ang pag-ikot ng mundo at manatili siyang hawak ng binata. But again, that’s a big no-no!

“Niloloko ka lang n’ung penguin. Huwag kang pabola,” wika nito habang naglalakad sila.

She giggled. “At sa ’yo ako maniwala? Numero uno kang playboy, eh.”

Tumawa ito. “Kasalanan ko bang guwapings ako

at lapitin ng chicks?”

Malakas siyang humalakhak. Wala siyang pakialam sa ibang tao kahit pinagtitinginan sila. “Lakas talaga ng bilib mo sa sarili mo, Wesley Carreon!”

Kinindatan siya nito. “Nagsasabi lang ng totoo.”

Naaliw na ngumiti si Rain. She really missed this kind of moments between them. Iyong silang dalawa lang. Iyong kanya lang ang buo nitong atensyon. Iyong ramdam niyang masaya ito sa tabi niya. Tumatawa, humahalakhak. Napakatagal na simula nang mangyari ito. Four years, to be exact. And she missed him so much.

Napasigaw si Rain. Humawak siya sa braso ni Wesley habang tumatawa. “Nakakakiliti!”

Tumawa ang lalaki at inakbayan siya. “Oo nga. Pero nakaka-relax at masarap sa paa.”

Niyuko niya ang maliliit na isda na nag-i-spa sa kanila. Pagkatapos nilang manood sa *Penguin Talk Show* ay doon sila tumuloy. Inihimlay niya ang ulo sa balikat ng katabi. Naramdaman niya ang paghalik nito sa buhok niya.

Hindi niya iyon binigyan ng malisya. He was just sweet. At sanay na siya roon. Kung ituring siya ng binata ay para siyang nakababatang kapatid nito. Ipinikit ni Rain ang mga mata. Hinayaan niya ang maliliit na isda na kagat-kagatin ang mga paa niya. Pakiramdam niya ay payapa ang kanyang mundo at kompleto ang buhay niya. Pakiramdam din niya ay silang dalawa lang ang tao sa mundo. Wala siyang pakialam sa tawanan at usapan sa paligid. It was just Wesley and Rain.

Just the two of them.

Humigpit ang pagkakaakbay nito sa kanya. Nagtatakang napatingala siya rito. Tinanggal nito ang braso sa balikat niya. “I’m sorry, naidlip ako. Akala ko unan ka.”

Humagikgik siya. “Unan ka diyan. Napakaantukin mo talaga.”

Ngumiti lang ito sa kanya. Then he was again staring at her. Dumako ang tingin nito sa mga labi niya. Napalunok si Rain. Hindi niya alam kung ano ang iisipin. Parang biglang nablangko ang utak niya.

She moistened her lips. Hindi niya mapigilan ang sarili dahil parang tuyong-tuyo ang mga labi niya. Wesley’s eyes darkened. Nagtaas ito ng tingin sa mga

mata niya. There was something unrecognizable in his eyes.

“Sabrina...” It was the merest of all whispers. Dinala lang iyon ng hangin sa pandinig niya.

Hindi siya makapagsalita. The moment was so intense. It was like time itself is suspended. Parang umuugong ang kanyang tainga sa nararamdamang kaba. Bakit ganoon makatitig sa kanya si Wesley? And why did she feel excitement and anticipation just because of that intense and dark gaze?

“Opps! Sorry!” May tumama sa balikat niya at may kalakasan iyon.

She was suddenly pulled out of the trance that Wesley created. Napalingon siya sa nagsalita. Isang babae ang nakabunggo sa kanya sa tangka nitong pag-upo para makapagpa-fish spa rin.

“I’m sorry,” hingi uli nito ng paumanhin.

Tipid siyang ngumiti. “It’s okay.” Saka siya yumuko. Pero sa gilid ng kanyang mga mata ay tiningnan niya si Wesley. Hindi na ito nakatingin sa kanya. Malayo ang tanaw nito. Pinakawalan ni Rain ang hiningang hindi niya alam na pinipigilan pala niya.

What just happened there? Pakiramdam din niya ay namumula ang kanyang mukha. Did she give away what she's truly feeling for him? Ano ang iisipin nito sa kanya?

“Mr. Wesley Carreon?”

Napalingon sila parehas sa bantay ng establishment na iyon. “Time na po,” wika nito.

Tumango ang binata saka tumayo. Ini-extend nito ang kamay sa kanya. Tinanggap niya ang pag-alalay ng kaibigan. Walang imik nilang tinuyo ang mga paa nila sa tissue na ibinigay kanina ng bantay.

“Look! Palubog na ang araw. Halika, panoorin natin,” ani Wesley paglabas, nakaturo ito sa railing sa tapat ng *Fish Spa* section. Nauna itong maglakad papunta roon.

Sumunod dito si Rain at tunitig sa kahabaan ng *Manila Bay*. Tumukod siya sa railings habang ang kaibigan ay kinukuhanan ng video ang pagpapalit ng kulay ng araw, from yellow to orange, at ang unti-unti nitong paglubog hanggang sa mawala ito sa paningin nila.

“It was so magnificent, right? It was a miracle. Tapos na naman ang araw.” Matatapos na rin ang isang araw na kasama niya si Wesley. No mention of what

happened earlier. Pero hindi rin siya sigurado kung handa siyang pag-usapan nila iyon. Hindi rin niya maipaliwanag ang nangyari. Mas makakabuti yatang kalimutan na lang niya iyon. Pero nagpapasalamat pa rin siya na sa isang buong araw ay nasa kanya ang buong atensyon nito pagkatapos ng mahabang apat na taon.

It was her special day, after all. This was the best gift on her twenty-fourth birthday. Pero ang pagbabalik nito ang pinakamagandang regalong natanggap niya sa birthday niya.

3

“Ang ganda!” di-mapigilang bulalas ni Rain. It was spectacular and magical. Kakatapos lang ng *Musical Fountain Show* na sumunod nilang pinuntahan pagkatapos magpa-fish spa. Naroroon sila sa pinakamataas na bahagi ng mga benches at pinauna nilang bumaba at umalis ang iba pang nanood.

“Bakit ka naiyak?”

Napatingin siya rito. “Anong naiyak?”

Masuyo siyang nginitian ni Wesley at banayad na hinaplos ang pisngi niya. “Here, mga luha.”

Napahawak din siya sa sariling pisngi. Hindi niya namalayang naiyak na pala siya.

“Bakit? Ano’ng dinadamdam mo?” May pag-aalala sa boses at ekspresyon ng lalaki.

Tumawa siya at pinunasan ang mga mata. “I don’t know. Masyado lang siguro akong emotional kasi birthday ko. Hindi ko lang mapigilang humanga sa nakita ko.” Hinawakan niya ito sa kamay at tiningala. “Salamat sa pagdadala mo sa akin dito. Ito na ang pinakamagandang birthday ko. And you never failed

to give me the best birthdays ever.” Walang taon na hindi espesyal ang birthday niya. “Kahit noong nasa States ka, laging espesyal ang regalong ipinapadala mo.” Hindi pa ito pumalya. Not even once.

He entwined their fingers. “It’s my pleasure.”

“Thank you, Wesley. Hindi lang sa ngayon kundi sa lahat simula noong bata pa ako. Napakalaking bahagi ka ng buhay ko. Katuwang ka pa ni Lola Angela sa pagpapalaki sa ’kin. Kayo na halos ang tumayong magulang ko, sa amin ni Ate Sienna.”

Ang ate niya ang kaisa-isa niyang kapatid, twenty-seven na ito at kapapasa lang ng board exam sa Medicine. Ang Lola Angela niya ay nanay ng kanyang ama. Isa rin itong doktor. Oo, pamilya sila ng mga manggagamot. Pati na ang mga magulang niya. Hindi niya maiwasang malungkot nang maalala ang mga ito. Nawala ang ngiti ni Rain. Naalala niya ang napakalungkot na sandaling malagutan ng hininga ang mommy niya habang yakap sila nito.

“Natahimik ka na,” untag ni Wesley.

Pinilit niyang hindi mapaiyak. “I miss my parents.”

Tumango ito at tumingin sa malayo. “Yeah, I miss mine, too.”

Fourteen years old si Rain nang mangyari ang pinakamalungkot na trahedyang sa dalawang pamilya, sa mga Carreon—ang kay Wesley at sa mga Jacinto—ang pamilya niya. Isang masayang bakasyong nauwi sa malagim na trahedyang. Pauwi na ang mga magulang nila nang maaksidente. Nahagip ang kotse ng mga ito ng isang truck na nawalan ng preno. Dead on arrival ang parents ni Wesley at ang daddy niya habang nag-aagaw-buhay naman ang mommy niya. Inabutan pa nilang magkapatid na buhay ang kanilang ina na para bang hinihintay lang sila nito bago sumunod sa daddy nila.

“Nag-promise ako sa mommy mo na titingnan-tingnan ko kayong magkapatid,” wika ng binata.

Tumango lang siya. Her mother made Wesley promise that he would look out for her daughters. Na tulungan nito ang Lola Angela niya sa pagpapalaki sa kanila. She made him promise that. Kay Wesley iyon hiningi ng mommy niya dahil mas malapit ito sa kanilang dalawa ng kanyang kapatid. And when he made the promise, she succumbed to her death.

Iyon na ang pinakamalungkot at pinakamasakit na bahagi ng buhay ni Rain. Naiwan sila sa pangangalaga ng lola niya habang si Wesley at ang mga kapatid nito ay tumira sa tiyuhin nito sa ama na

isang matandang binata.

“At hindi mo binigo si Mommy. She’s proud of you, I think. Pati na ang mga magulang mo. Hindi mo kami pinabayaan ni Ate kahit may sarili kang buhay, kahit hindi mo kami obligasyon.”

Tipid na ngumiti ang kaibigan niya. “You’re family. Iyon na ang ipinamulat sa akin ng mga magulang ko. Tayo-tayo lang naman din ang magtutulungan.” Hinaplos nito ang pisngi niya. “Huwag ka nang malungkot. Birthday mo kaya dapat puro happy memories lang. Speaking of happy moments, pumasa pala si Sienna sa board exam.”

Malawak ang ngiting gumihit sa kanyang mga labi. “Oo. Top seven siya. Ang galing nga ni Ate! Doktor na rin siya.”

“Great! Makakapag-practice na siya. Nadagdagan na naman ang doktor sa pamilya n’yo.”

“At ako ang naligaw ng landas.” Mahina siyang tumawa.

Tumango si Wesley. “Hindi mo naman kasi pinangarap na maging doktor. Iba ang gusto mo.”

Matamis niyang nginitian ito. “At sinuportahan n’yo ako ni Lola Angela doon.”

“Napatunayan mo naman sa aming tama ang desisyon mo. Isa ka na ngayon sa mga sumisikat na painter.” Ipinadaan ng lalaki ang isang kamao nito sa pisngi niya. “You made the right decision. Tama lang na sinuportahan ka namin ni Lola Angela.”

“Maraming-maraming salamat talaga. Lagi kang may tiwala sa akin. Lagi kang nasa likod ko at nakasuporta. At kahit kailan ay hindi mo ako pinabayaan. Through the years. Kayo ni Lola,” she said, misty-eyed.

Nanatili siyang nakatitig dito. Hindi nga nawala ang kaibigan sa lahat ng sandaling kailangan niya ito kahit pa sabihing may sarili itong buhay. Iiwan at iiwan ni Wesley ang ginagawa nito makapunta lang kapag kailangan niya. Napakarami nitong papel sa buhay niya, pero hindi lang iyon doon nagtatapos. She’s in love with him since time immemorial.

Wala yatang sandali sa buhay ni Rain na hindi niya minahal ang binata. Simula nang matuto siya ng mga basic na bagay sa mundo ay sabay niyang natutunang mahal in si Wesley. Laman ito ng mga panaginip niya at kasama sa lahat ng kanyang pangarap. Ginagawa niya itong inspirasyon upang lalo niyang pagbutihin ang buhay niya. At masaya siya na importante siya sa buhay ng binata, na lumaki

siyang kasama ito.

Nanunuksong ngumiti si Wesley sa kanya. “Come to think of it, ang dami mo nang utang sa akin. Kapag naningil pala ako ay ang dami kong makukuhang kapalit.”

Tipid siyang ngumiti. “Kapag naningil ka ba, ano’ng gugustuhin mong kapalit?”

Nawala ang ngiti nito at tinitigan siya. Hindi na mabasa ni Rain ang ekspresyon ng mukha nito. Nagkibit-balikat ito. “Iisipin ko pa,” anito saka lumingon sa paligid. “Nakaalis na pala halos ng mga tao. Halika na.” Tumayo ito na sinabayan naman niya.

“Salamat sa araw na ito, Wesley. Hindi ko ito makakalimutan.” Nakatingala si Rain sa binata habang nakasandal siya sa gate nila.

Nakayuko ito sa kanya at masuyong nakangiti. “Happy Birthday.”

“Thanks so much.” Pinilit niyang hindi mapaiyak.

Hindi ito sumagot at nakatitig lang sa kanya.

“Paano? Pasok na ako,” paalam niya sa biglang pagkailang sa pagtitig nito. Nang hindi ito sumagot

ay pumihit na siya patalikod.

“Rain!”

Napahinto siya sa pagpasok sa gate at napalingon dito. “Ano iyon?”

Humakbang ito palapit at napasandal siya sa gate. Umangat ang isang kamay nito at banayad na hinaplos ang pisngi niya. Nahigit niya ang paghinga.

“Natutuwa akong nag-enjoy ka sa araw na ito,” bulong nito.

Ngumiti siya kahit kinakabahan sa pagkakalapit ng mga katawan nila. Nararamdaman niya ang init na ibinubuga ng katawan nito sa lamig ng gabing iyon.

“S’abi ko nga di ba na lagi mo akong binibigyan ng perfect na birthday taon-taon. I’m more than thankful.”

Humaplos muli ang hinlalaki ng lalaki sa pisngi niya. Nagtatayuan ang balahibo niya sa braso. “Wesley?” naguguluhan niyang tawag dito. “May problema?” May lungkot siyang nababanaag sa mga mata nito.

Nagulat siya nang biglang pumailalim sa batok niya ang kamay nitong nasa pisngi niya at hinila siya palapit sa katawan nito at iginiya ang ulo niya

sa dibdib nito. Ang isa nitong braso ay humapit sa kanyang baywang at itinukod nito ang baba sa ibabaw ng ulo niya.

“Wes? Ano’ng problema?”

Bumuntong-hininga ito sa buhok niya. She felt shivers run down her spine.

“Nothing, Rain. Hayaan mo lang akong yakapin ka. I just missed you. P’wede ba?” mahina nitong sabi.

“O-okay,” aniya kahit naguguluhan. Hindi niya alam kung bakit biglang nagkaganito si Wesley. Mahigpit din ang pagkakayakap nito sa kanya na para bang ayaw siya nitong pakawalan.

“Naaalala ko pa n’ung five ka lang. Habol ka nang habol sa ’kin. Umiiyak ka kapag pinagtataguan kita, titigil ka lang kapag binuhat na kita,” bulong nito sa buhok niya.

Hindi umimik si Rain dahil naguguluhan siya. Mas mukhang emotional pa ang binata sa kanya gayung hindi naman ito ang may kaarawan.

“Noong eight ka, aksidente kang naitulak ni Wendy sa pool. Hindi ka pa marunong lumangoy dahil nag-aaral pa lang kayo ng kapatid ko. Muntik ka nang malunod. Pakiramdam ko’y nasa lalamunan

ko ang puso ko dahil sa takot at kaba.”

“Sinagip mo ako,” sagot niya.

“Oo nga,” simpleng turan nito. “Noong twelve ka, ako ang sumama sa ’yo noong magpa-brace ka.”

Natawa siya sa pagkakaalala noon. “Oo. Sa sobrang sakit, ang higpit ng hawak ko sa braso mo.”

Tumawa rin si Wesley. “Noong fifteen ka, pinayagan ka na namin ni Lola Angela na sumama sa JS Prom ninyo.”

Tiningala niya ito. “At hindi ka sana papayag kung hindi ikaw ang escort ko.”

He smirked. “Of course. May bulutong si Wendy at hindi siya p’wedeng sumama.”

Muli siyang tumawa. “Yeah, right! Inis na inis noon si Wendy, wrong timing ang bulutong niya gayong noon lang din siya pinayagang sumama.” Parehas silang accelerated na magkaibigan. Fifteen pa lang sila ay kapwa na sila fourth year high school.

“At sa debut n’yo ni Wendy, you’re both so beautiful. Alam kong parehas kayong maraming lalaking papaiyakin. Hindi namin alam ni Liam kung paano pa namin kayo mababantayan at mapapangalagaan laban sa mga lalaking papalibot

sa inyo.”

“Ikaw ang first and last dance ko sa sarili kong debut.”

Hinalikan siya nito sa noo. “It was an honor. I was proud of you, sa inyo ni Wendy noong sinunod n’yo ang utos namin na mag-aral muna’t magtapos bago kayo mag-boyfriend.”

Mahina lang siyang tumawa.

He just chuckled. Yumuko ito at tinitigan na naman siya na para bang may hinahanap sa mga mata niya.

“Bakit ba ganyan ka na namang makatingin? Sasabihin mo ba sa ’kin ang dahilan ng mga ito?”

Hindi umimik ang lalaki. Binitawan siya nito at humakbang paatras saka tumalikod. Isinuklay nito ang kamay sa sariling buhok. Lalo siyang naguluhan sa inasal ng kaibigan. Nakaramdam siya ng lamig ngayong wala na siya sa mga bisig ni Wesley. Gusto niyang manatiling yakap nito.

“Wes, nakakakaba ka na. You looked distressed. Parang hindi pa kita nakitang ganito kahit sa napakahirap na mga kasong hinahawakan mo.” Abogado ang lalaki sa family firm ng mga Carreon.

“Rain...” wika nito bago humarap sa kanya. “Masaya ka kay Liam, right?”

Hindi siya kaagad nakasagot. Pakiramdam niya, siya si Cinderella. Ang tanong na iyon ay parang chime ng orasan na nagsasabing twelve midnight na, hudyat ng pagbabalik niya sa totoong mundo. Because she and Wesley were just a fantasy. An impossible fairy tale. Si Liam ang totoong mundo niya. Yes, Liam. William Carreon. Twin brother of Wesley.

Ang boyfriend niya.

Ang pinakaprimerang dahilan kung bakit hindi niya puwedeng patuloy na mahal in si Wesley. Committed na siya sa kakambal nito. Pero sa kabila ng lahat, napagtanto niyang ganoon pa rin ang damdamin niya para rito. Kahit sa apat na taong wala ito sa buhay niya, kahit alam niyang hindi na puwede at hindi tama, nasa puso pa rin niya ang pag-ibig para sa lalaki.

Tipid na ngumiti si Wesley. “That’s good to hear. Hindi ko gustong nasasaktan ka, lalo pa ng sarili kong kapatid. Kayo ni Sienna.”

Tumango lang siya at hindi sumagot.

Tumangu-tango ito. “Mabuti, mabuti. Hindi naman sa nagdo-doubt ako kay Liam. I just wanted

the best for you and Sienna.”

Napakunot-noo si Rain. He was rambling. At never, as in never pa itong nangyari. “Wesley, okay ka lang ba talaga?”

Napasuklay ito sa buhok. “Of course! Bakit hindi naman ako magiging okay?” Lumapit ito sa kanya at tinitigan siya. “Kilala mo na si Liam mula pagkabata. Alam nating parehas na hindi ka masasaktan sa kanya, hindi ka niya pababayaang. He’s successful in his own right.”

Tumango si Rain. “Kung ako ang naligaw ng landas sa pamilya namin at hindi naging doctor, si Liam naman sa inyo. Kahit si Wendz ay kukuha ng bar exam bilang abogado. Kaya nga busy siya lately, hindi ko siya masyadong makausap.”

“Oo, Liam’s passion is directing,” wika nito.

“Oo nga. Iyong mga indie films niya, nagiging mga award-winning na pelikulang nakilala sa mga festivals sa iba’t ibang bansa. Pero nagsimula na siyang pumasok sa mainstream.”

“Oo, nabanggit ni Wendy,” pagsang-ayon ng binata. “Hindi ka na lugi sa kakambal ko. Suwerte mo sa kanya.”

“Oo, alam ko. Hindi mo naman kailangang sabihin pa.” Hindi niya maintindihan pero pakiramdam ng dalaga ay pilit na kinukumbinsi ni Wesley ang sarili sa sinasabi nito tungkol kay Liam.

Muli ay tumango ito. “Yeah, alam ko. Sige na, pumasok ka na.”

“Okay.” Iyon na lang ang sinabi ng dalaga kahit alam niyang may gumugulo kay Wesley. Pero kilala niya ang kaibigan, hindi ito magsasabi kung ayaw talaga nito. “Thanks uli.” Tumalikod na siya at pumasok sa gate nila.